*Paggunita kay Santa Anastacia, Virgen at Martir:*

**PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY***

| | |
|---|---|
| ACCIPE, quǽsumus, Dómine, múnera dignánter obláta: et, beátæ Anastásiæ Mártyris tuæ suffragántibus méritis, ad nostræ salútis auxílium proveníre concéde. Per Dóminum. | TANGGAPIN Mo nawa, Panginoon, ang mga handog na iniaalay sa iyo: at pakundangan kay Santa Anastacia na iyong Martir, ipagkaloob mong maging tulong ang mga ito para sa aming kaligtasan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin… |

▪ *Prepasyo sa Pasko ng Pagsilang.*

**ANG *COMMUNICANTES* SA MISA**

**SA AMING PAKIKIISA** sa masayang pagdiriwang ng kabanal-banalang *gabi* nang isilang ng walang dungis sa pagkabirhen ni Santa Mariang pinagpala ang isang Manunubos sa daigdig na ito: at gayundin sa magalang na paggunita sa Mahal na Birheng Maria…*

**ANTIPONA SA KOMUNYON** • *Zac 9:9*

| | |
|---|---|
| **EXULTA** fília Sion, lauda, fília Ierúsalem: ecce, Rex tuus venit sanctus et Salvátor mundi. | **MAGALAK** ka, anak na babae ng Sion; sumigaw kang malakas, anak na babae ng Jerusalem! Narito, dumarating sa iyo ang hari mo: banal, at Manunubos ng daigdig. |


**PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON**

| | |
|---|---|
| **HUIUS** nos, Dómine, sacraménti semper nóvitas natális instáuret: cuius Natívitas singuláris humánam réppulit vetustátem. Per eundem Dóminum. | **PANGINOON,** baguhin nawa kaming lagi sa bagong buhay sa pamamagitan ng sakramentong ito, pakundangan sa hiwaga ng Kaniyang Pagsilang, napawi nito ang dating kasamaan ng tao. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin… |

*Paggunita kay Santa Anastacia, Virgen at Martir:*

**PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON***

| | |
|---|---|
| **SATIASTI,** Dómine, famíliam tuam munéribus sacris: eius, quǽsumus, semper interventióne nos réfove, cuius sollémnia celebrámus. Per Dóminum. | **BINUSOG** Mo kami ng mga banal na kaloob, Panginoon: sa kaniyang pagdalangin, saklolohan mo kaming lagi yamang ipinagdiriwang namin ang kaniyang kapistahan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin… |




# PASKO NG PAGSILANG NG PANGINOON

## Ikalawang Misa: Misa sa Madaling-araw

*Misa "Lux fulgebit"*
*I cl. • Doble I cl. • Puti*

**PAMBUNGAD NA ANTIPONA** • *Is. 9:2, 6*

| | |
|---|---|
| LUX fulgébit hódie super nos: quia natus est nobis Dóminus: et vocábitur Admirábilis, Deus, Princeps pacis, Pater futúri sǽculi: cuius regni non erit finis. — *Ps 92:1* Dóminus regnávit, decórem indútus est: indútus est Dóminus fortitúdinem, et præcínxit se. *V.* Gloria Patri. Lux fulgebit. | LIWANAG ay magniningning sa ibabaw natin sa araw na ito. Sa atin ay ipinanganak ang Panginoon, at tatawagin siyang Kahanga-hanga, Dios, Prinsipe ng Kapayapaan, Amang walang-hanggan, na ang kaharian ay hindi magwawakas. — *Salmo 92:1* Ang Poon ay hari, nararamtan ng karilagan. Ang Poon ay nanamit ng kalakasan, at nagbigkis ng kapangyarihan. *V.* Luwalhati sa Ama. — Liwanag ay magniningning… |

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios)

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

| | |
|---|---|
| **DA NOBIS,** quǽsumus, omnípotens Deus: ut, qui nova incarnáti Verbi tui luce perfúndimur; hoc in nostro respléndeat ópere, quod per fidem fulget in mente. Per eúndem Dóminum. | **IPAGKALOOB** Mo sa amin, O makapangyarihang Dios, upang kaming tinatanglawan ng bagong liwanag ng Salitang naging tao na nagliliwanag sa aming isipan pakundangan sa aming pagsampalataya ay magningning naman sa aming mga gawa. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin... |

*Paggunita kay Santa Anastacia, Virgen at Martir:*

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)*

| | |
|---|---|
| **DA,** quaesumus, omnípotens Deus: ut, qui beátæ Anastásiæ Mártyris tuæ sollémnia cólimus; eius apud te patrocínia sentiámus. Per Dóminum. | **IPAGKALOOB** Mo, O makapangyarihang Dios, na kaming nagdiriwang sa kapistahan ng iyong Martir na si Santa Anastasia ay maranasan naming malapit sa iyo ang kaniyang pagtulong. Sa pamamagitan pa ni Jesucristong Panginoon namin... |

### SULAT • *Tit 3:4-7*

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo kay Tito.

**PINAKAMAMAHAL:** Nang mahayag ang kabutihan at pag-ibig ng Dios na ating Tagapagligtas, iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag sa atin. Tayo'y iniligtas niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo na naghugas sa atin upang tayo'y ipanganak na muli at magkaroon ng bagong buhay. Masaganang ipinagkaloob ng Dios sa atin ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, upang tayo'y gawing matuwid sa pamamagitan ng kanyang kagandahang-loob, at tayo'y maging tagapagmana ng inaasahan nating buhay na walang hanggan. — *R.* **Salamat sa Dios.**

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Ps 117: 26, 27, 23; Ps. 92:1*

| | |
|---|---|
| **BENEDICTUS** qui venit in nómine Dómini: Deus Dóminus, et illúxit nobis.<br>*V.* A Dómino factum est istud: et est mirábile in óculis nostris. | **PINAGPALA** ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Ang Panginoong Dios ay nagbigay ng liwanag sa atin.<br>*V.* Ito'y gawa ng Panginoon, at ito'y sadyang kahanga-hanga sa ating mga mata. |
| **Allelúia, allelúia.** *V.* Dóminus regnávit, decórem indútus est: indútus est Dóminus fortitúdinem, et præcínxit se. **Alleluia.** | **Aleluya, aleluya!** *V.* Ang Panginoon ay hari, nararamtan ng karilagan. Ang Panginoon ay nanamit ng kalakasan, at nagbigkis ng kapangyarihan. **Aleluya.** |

### EBANGHELYO • *Lc 2:15-20*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

**NOONG PANAHONG IYON:** Nang makaalis na ang mga anghel pabalik sa langit, ang mga pastol ay nag-usap-usap, "Tayo na sa Bethlehem! Tingnan natin ang pangyayaring ito na ibinalita sa atin ng Panginoon." Nagmamadali silang pumunta roon at natagpuan nila sina Maria at Jose, at naroon ang sanggol na nakahiga sa sabsaban. Nang makita ng mga pastol ang sanggol, isinalaysay nila ang sinabi ng anghel tungkol dito. Namangha ang lahat ng nakarinig sa sinabi ng mga pastol. Tinandaan ni Maria ang mga bagay na ito, at ito'y kanyang pinagbulay-bulayan. Umalis ang mga pastol na nagpupuri sa Dios at nagpapahayag ng kanyang kadakilaan dahil sa lahat ng narinig nila at nakita, ayon sa sinabi sa kanila ng anghel. — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May* Credo *o* Sumasampalataya.

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Ps 92:1-2*

| | |
|---|---|
| **DEUS** firmávit orbem terræ, qui non commovébitur: paráta sedes tua, Deus, ex tunc, a sǽculo tu es. | **POONG DIOS** ay nagtatag sa daigig sa isang saligang 'di magigiba't magagalaw. Ang iyong luklukan, O Dios, noon pa ma'y nakatatag na: Ika'y walang hanggan. |

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

| | |
|---|---|
| **MUNERA** nostra, quǽsumus, Dómine, Nativitátis hodiérnæ mystériis apta provéniant, et pacem nobis semper infúndant: ut, sicut homo génitus idem refúlsit et Deus, sic nobis hæc terréna substántia cónferat, quod divínum est. Per eúndem Dóminum. | **PANGINOON,** ang aming mga alay nawa'y maging marapat sa hiwaga ng Pagsilang ng iyong Anak sa araw na ito, at magdulot ng lipos na kapayapaan sa amin: upang kung papaano Siya'y ipinanganak tulad naming tao ay nagliliwanag na parang Dios, makamit nawa namin ang biyayang makalangit mula sa bunga ng mga bagay na makalupa. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin... |